SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

Ano ang itsura ng mapagpabilang na edukasyong-SOGI sa isang silid-aralan ng mababang paaralan?

Ang Sexual Orientation and Gender Identity (SOGI) ay hindi nakahiwalay na kurikulum. Ang mapagpabilang na edukasyong_SOGI ay sumasakop sa malawak na hanay ng mga paksa kasama na dito ang pagkakakilanlan at pagsasama. Ang layunin nito ay upang mabawasan ang pambu-bully at diskriminasyon, at hindi ito nakasentro sa sekswalidad.

Ang mapagpabilang na edukasyong-SOGI sa isang silid-aralan sa mababang paaralan ay isang paraan na naghihikayat ng ligtas, magalang, at mapagpabilang na kapaligiran ng pagkatuto para sa lahat ng mga estudyante, ano man ang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan ng kasarian nito. Isinusulong nito ang pagkakaiba-iba, pagdamay, at respeto, pinapangalagaan ang mapagtanggap at mapagpabilang na paligid ng pagkatuto para sa bawat bata. Ang mga guro ay iniingatang masigurado na lahat ng mga asignatura ay ituturo sa paraang angkop sa tamang edad.

Paglikha ng isang Mapagpabilang na Kapaligiran:

- **Respeto para sa Pagkakaiba-iba:** Ang mga guro ay isusulong ang pagkakaunawaan at respeto para sa mga iba't-ibang mga istruktura ng pamilya, pagkakakilanlan ng kasarian, at sisiguraduhing mararamdaman ng bawat estudyante na sila ay pinapahalagahan at isinasama.
- **Mapagpabilang na Wika:** Ang mga talakayan at mga kagamitan sa silid-aralan ay gagamit ng mapagpabilang na wika na rumerespeto sa mga pagkakakilanlan ng estudyante.
- **Nakikitang Suporta:** Ang kapaligiran sa silid-aralan ay maaaring magtampok ng mapagpabilang na mga kagamitan, mga poster, at koleksyon ng imaheng 2SLGBTQ+ para pagtibayin ang pangako ng paaralan sa pagkakaiba-iba at pagsasaman.

Pagkatuto ng Mag-aaral:

- **Mapagpabilang na gawi:** Maaaring magsama sa mga aralin ng mga kwento, kasaysayan, mga kontribusyon at mga hamon na hinarap ng mga 2SLGBTQ+ na mga indibidwal at mga pamilya upang isulong ang kamalayan at hamunin ang mga stereotype.
- **Iba't-ibang Panitikan:** Maaaring magsama ang mga guro ng mga libro at babasahin na nagtatampok ng 2SLGBTQ+ na mga karakter at mga tema upang ipakita ang pagkakaiba-iba ng mga karanasan. Napakahalagang makita ng bawat estudyante ang kanilang sarili sa mga mapagkukunan sa paaralan, at kasing halaga din na ang pagkakaiba-iba ng ating pamayanan ay nakikita.
- **Bukas na Mga Talakayan:** Ang guro ay maaaring magsagawa ng bukas, angkop sa gulang, at marespetong talakayan tungkol sa iba't-ibang mga oryentasyong sekswal at mga pagkakakilanlan ng kasarian, na lilikha ng ligtas na lugar para sa mga estudyante na maintindihan ang mga paksang ito at magkaroon ng nakakaenganyong pag-uusap.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

Mga Marespetong mga Patakaran at Gawi:

- **Mga Hakbang Laban sa Pambu-bully:** Ang eskwelahan at distrito ay aktibong tumutugon sa pambu-bully at diskrimasyon base sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan ng kasarian sa pamamagitan ng malinaw na mga patakaran at mga pamagitanan.
- **Mapagpabilang na mga Takdang-Aralin:** Ang mga takdang-aralin at mga gawain ay iiwas sa stereotype ng kasarian at bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon na maipahayag ang kanilang tunay na sarili.

Pagsasanay at Suporta ng Guro:

- **Propesyonal na Pag-unlad:** Ang mga guro ay tatanggap ng pagsasanay sa 2SLGBTQ+ na mga isyu at mapagpabilang na mga paraan ng pagtuturo para mas mabuting masuportahan ang lahat ng mga estuduante.
- **Paglikha ng Ligtas na Mga Ispasyo:** Haharapin ng mga guro ang mga paksang kaugnay sa SOGI ng may pagdamay at pagkahabag, at siguraduhing meron ligtas at marespetong ispasyo para sa mga estudyante para makapagtanong at makapagbahagi ng kanilang mga karanasan.

Mga Serbisyo ng Suporta:

- **Pagpapayo at Mga Mapagkukunan:** Ang mga eskwelahan ay maaaring magbigay ng mga serbisyo ng pagpapayo at access sa mga mapagkukunan para sa mga estudyante at mga pamilya na maaaring mangailangan ng tulong sa mga isyu o mga tanong na ugnay sa SOGI.

Mga Hakbangin na Pinamumunuan ng mga Estudyante:

- **Mga Club ng Pagkakaiba-iba:** Maraming mga mababang paaralan ang may mga club na pinamumunuan ng mga estudyante na nagbibigay ng suporta at mapagpabilang na ispasyo para sa 2SLGBTQ+ at kaalyadong mga estudyante.

Pakikilahok ng Magulang at Tagapag-alaga:

- **Bukas na Pag-uusap/Komunikasyon:** Ang mga guro at mga eskwelahan ay nagpapanatili ng bukas na pag-uusap/komunikasyon sa mga magulang at mga tagapag-alaga na rumerespeto sa privacy habang tinutugunan ang mga alalahanin at nagbibigay impormasyon tungkol sa mga mapagpabilang na gawi. Kapag may mga alalahaning pang-kaligtasan, ang mga eskwelahan ay kokontak sa mga magulang at tagapag-alaga.